Paano babasahin ang ng mag-aaral

Ang resulta ng mag-aaral ay ipinapakita sa isang iskala ng natamo para sa bawat larangan ng pagtatasa.

Ang mga resulta sa kabuuang mga patatasa ng Year 3, 5, 7 at 9 ukol sa karunungang bumasa, sumulat at bumilang ay nakaulat sa isang iskala na mula sa Band 1 hanggang Band 10. Ang antas ng mga natamo ay naglalarawan ng tumataas na mga antas ng mga kasanayan at mga pag-unawang ipinakikita sa mga pagtatasa.

Halimbawa, ang mga resulta para sa **Year 3** ay nakaulat sa kabuuang hanay ng Band 1 hanggang Band 6.



halimbawa lamang

Ang Autoridad ng Victoria para sa Kurikulum at Pagtatasa (Victorian Curriculum and Assessment Authority) ay nagbibigay ng mataas na kalidad na kurikulum, pagtatasa at pag-uulat na nagtataguyod sa panghabang buhay na pag-aaral ng isang tao.

Inilathala ng
Victorian Curriculum and Assessment Authority
41 St Andrews Place
East Melbourne
Victoria 3002 Australia

Telepono 1800 648 637
Facsimile +61 3 9225 2334

Mag-email sa vcaa.naplan.help@edumail.vic.gov.au
Website www.vcaa.vic.edu.au

Para sa karagdagang impormasyon at talakayan tungkol sa mga resulta ng inyong anak mangyari lamang na kontakin ang prinsipal sa paaralan ng inyong anak. Ang mga kopya ng materyales sa pagsusulit na NAPLAN ay matutunghayan sa website ng Victorian Curriculum and Assessment Authority.

ANG PAMBANSANG PROGRAMA NG PAGTATASA - KARUNUNGANG BUMASA, SUMULAT AT BUMILANG PARA SA 2009 (THE NATIONAL ASSESSMENT PROGRAM - LITERACY AND NUMERACY (NAPLAN) 2009)

Impormasyon ukol sa Ulat para sa mga Magulang

THE NATIONAL ASSESSMENT PROGRAM - LITERACY AND NUMERACY (NAPLAN)
Report Information for Parents - **Tagalog**

VICTORIAN CURRICULUM AND ASSESSMENT AUTHORITY
Victoria The Place To Be

Pambansang Programa ng Pagtatasa – Mga Pagsusulit sa Karunungang Bumasa, Sumulat at Bumilang (National Assessment Program - Literacy and Numeracy (NAPLAN) tests)

Noong Mayo 2009 , ang mga pagsusulit para sa karunungang bumasa, sumulat at bumilang ay ibinigay sa mga mag-aaral sa Year 3, 5, 7 at 9 sa kabuuang Australia. Lumahok sa pambansang mga pagsusulit ang mahigit sa isang milyong mga mag-aaral mula sa 9000 mga paaralan sa kabuuang Australia.

Ipinapakita sa mga ulat ng NAPLAN ang mga resulta sa pagganap ng bawat bata. Sasabihin sa inyo ng mga ulat kung paano gumaganap ang inyong anak kung ihahambing sa:

- ibang mga Australianong mag-aaral
- pambansang pamantayang iskor sa mga pagsusulit na NAPLAN at
- hanay ng natamo para sa panggitnang 60% ng mga mag-aaral sa Australia.

Ano ang tinatasa sa pagsusulit na NAPLAN?

Sinusukat ng mga gawaing pagtatasa sa karunungang bumasa at sumulat ang mga natamo ng mag-aaral sa pagbabasa, pagsusulat at mga kombensyon ng lengguwahe. Sinusukat ng mga gawaing pagtatasa sa karunungang bumilang ang mga natamo ng mag-aaral sa numero; algebra, gamit at kumpigurasyon; pagsusukat, tsansa at datos; at espasyo.

Ang layunin ng pagsususulit ng NAPLAN

Ang mga resulta ng mga pagsusulit ng NAPLAN ay nakakadagdag ng halaga sa pagtatasa at pag-uulat ng guro na ipinapakita ang mga natamo ng kanilang mga mag-aaral kung ihahambing sa mas malawak na grupo ng mga mag-aaral sa kabuuang estado at Australia. Mahalagang tandaan na ang mga resulta ay naglalarawan ng pagganap ng bawat mag-aaral sa iisang punto lamang ng panahon.

Regular na tinatasa ng mga guro sa lahat ng mga paaralan ang kanilang mga mag-aaral para sa karunungang bumasa, sumulat at bumilang. Ang pagsusulit na NAPLAN ay nakakadagdag ngunit hindi pumapalit sa impormasyong kinokolekta ng mga guro.

Mga Ulat

Ang disenyo ng mga ulat ay magkakapareho para sa lahat ng mga estado at teritoryo ng Australia at ito ay itinakda sa buong bansa para sa pag-uulat sa mga magulang ng mga natamo ng mag-aaral para sa NAPLAN sa taong 2009.

Kabilang sa bawat ulat ang:

- mga detalye ng mag-aaral at paaralan
- impormasyon tungkol sa mga pagsusulit na NAPLAN
- isang seksyon tungkol sa "Paano babasahin ang ulat ng mag-aaral"
- mga resulta sa natamo ng bawat mag-aaral sa pagbabasa, pagsusulat, mga kombensyon ng lengguwahe (binubuo ng pagbaybay, gramatika at pagbabantas) at karunungang bumilang sa Iskala ng mga Natamo sa NAPLAN
- ang palatandaan para sa bawat larangan ng pagtatasa na nagpapakita ng pambansang pamantayan at ng panggitnang 60% ng pambansang mga resulta
- ang nakasulat na paliwanag para sa bawat larangan ng pagtatasa na nagtutukoy sa uri ng mga kasanayang natasa
- isang talaan ng "Buod ng Natasang mga Kasanayan" na naglalarawan ng mga kasanayang malamang na maipakita ng mga mag-aaral sa bawat isa sa mga band.

Pagbasa ng Ulat

Ang itim na tuldok sa bawat talaguhitan ay naglalarawan sa resulta ng inyong anak. Ang mga kasanayang may kaugnayan sa band na siyang tinatamaan ng tuldok ay ipinapaliwanag sa likod na pahina ng ulat. Ang isang mag-aaral na natasa sa isang partikular na band ay malamang na nasagutan nang tama ang mga katanungang may kinalaman sa mga kasanayan sa band na iyon at sa bawat band na nasa ibaba nito. Ang mga resulta ng inyong anak ay maaaring ihambing sa mga resulta para sa panggitnang 60% ng mga Australianong mag-aaral at/o sa pambansang pamantayan para sa kaniyang year level.

Mga Pambansang Pinakamababang Pamantayan

Ang pambansang pinakamababang mga pamantayan para sa karunungang bumasa, sumulat at bumilang ang pumalit sa pambansang mga sukatan. Ang ideya ng iisang puntong sukatan ay pinalitan ng konseptong pinakamababang pamantayan na itinakda ng partikular na band katulad ng sumusunod:

- para sa Year 3 ang pinakamababang pamantayan ay Band 2
- para sa Year 5 ang pinakamababang pamantayan ay Band 4
- para sa Year 7 ang pinakamababang pamantayan ay Band 5
- para sa Year 9 ang pinakamababang pamantayan ay Band 6.

Kung ang itim na tuldok na naglalarawan sa resulta ng inyong anak ay nasa pinakamababang band para sa kaniyang year level, ang kanilang natamo sa pagsusulit na ito ay mababa pa sa pinakamababang pamantayan at inirerekomendang talakayin ninyo ang resultang ito sa paaralan ng inyong anak.

Mga halimbawa ng talangguhit sa Iskala ng Natamo sa NAPLAN (NAPLAN Achievement Scale graph)



Ang itim na tuldok ay nagpapakita na ang mag-aaral sa Year 3 na ito ay nakatamo ng resulta sa Band 4 para sa Pagbabasa na mataas nang kaunti sa pambansang pamantayan. Ipinapakita ng itim na triyanggulo ang pambansang pamantayan para sa mga mag-aaral sa Year 3. Ang murang asul na bahagi ay nagpapakita ng hanay ng natamo para sa panggitnang 60% ng mga mag-aaral sa Year 3.



Ang itim na tuldok ay nagpapakita na ang mag-aaral sa Year 5 na ito ay nakatamo ng resulta na mababa pa sa pambansang pinakamababang pamantayan para sa Pagsusulat (sa Year 5, Band 4). Inirerekomenda na ang mga resultang katulad nito ay dapat talakayin sa paaralan.



Ang itim na tuldok ay nagpapakita na ang mag-aaral sa Year 7 na ito ay nakatamo ng resulta sa Band 9 para sa Karunungang Bumilang, ng mas mataas sa mayoridad ng mga resulta sa Karunungang Bumilang at ng pambansang pamantayan para sa mga mag-aaral sa Year 7.